



Listahan ng Mga Sintomas ng COVID-19 para sa Mga Layunin ng Screening at Pagsusuri

Setyembre 24, 2020

Ang dokumentong ito ay binuo ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFDPH) para sa lokal na paggamit. Ipo-post ito sa www.sfdcp.org/screen. Puwede itong magbago kasabay ng pagkakatuklas ng bagong kaalaman at pagbabago sa epidemya ng COVID-19 sa San Francisco.

Buod ng Mga Pagbabago mula sa Bersyon noong 9/19/2020

- May idinagdag na partikular na listahan ng mga sintomas para sa mga bata at teenager.

AUDIENCE:

1. Mga lugar ng trabaho, paaralan, programa para sa mga bata at teenager, at iba pang grupo na nagsi-screen ng mga tauhan o hindi tauhang indibidwal (kasama ang mga bisita, customer, patron, kliyente, mag-aaral, atbp.) para sa mga sintomas ng COVID-19 bago magpapasok ng mga tao sa kanilang pasilidad
2. Mga organisasyon para sa pangangalagang pangkalusugan na inaatasan ng San Francisco na mag-alok sa mga pasyenteng may mga sintomas ng pagsusuri para sa COVID-19.

LAYUNIN: Ilarawan ang mga sintomas na dapat gamitin sa pag-screen para sa COVID-19 at ang mga sintomas na gagawing batayan sa kung mag-aalok ba ng pagsusuri. Hindi nakasaad sa mga listahan ang lahat ng posibleng sintomas ng COVID-19. Makikita ang mga form ng screening para sa mga tauhan at hindi tauhang indibidwal sa: www.sfdcp.org/screen

Mga Listahan ng Mga Sintomas

Mga Nasa Hustong Gulang

Ipinapakita ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (SFDPH) ang listahan ng mga sintomas ng CDC noong 9/24/2020: <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/symptoms-testing/symptoms.html>

- Lagnat (100.4°F/38.0°C pataas), panlalamig, paulit-ulit na panginginginig/pangangatog
- Ubo
- Pananakit ng lalamunan
- Pangangapos ng hininga, hirap sa paghinga
- Hindi pangkaraniwang panghihina o pagkahapo
- Kawalan ng panlasa o pang-amoy
- Pananakit ng kalamnan o katawan
- Pananakit ng ulo
- Sipon o baradong ilong



- Pagtatae
- Pagduruwal o pagsusuka

Mga Bata at Teenager na Wala Pang 18 Taong Gulang

- Lagnat (100.4°F/38°C pataas) o panlalamig
- Ubo
- Pananakit ng lalamunan
- Pangangapos ng hininga o hirap sa paghinga
- Kawalan ng panlasa o pang-amoy, o pagsasabing nag-iba ang lasa o amoy ng mga bagay-bagay (sa nakalipas na 10 araw)
- Pananakit ng ulo
- Pagtatae
- Pagduruwal o pagsusuka

Gumagamit ang San Francisco ng mas maikling listahan ng mga sintomas para sa mga bata at teenager na wala pang 18 taong gulang. Ito ay dahil hindi ganoon kakaraniwan ang ilang sintomas sa mga batang may COVID-19 kumpara sa mga nasa hustong gulang na may COVID-19. Masyadong karaniwan ang ibang sintomas sa mga bata, kaya hindi nakakatulong ang mga ito sa pagtukoy kung posibleng may COVID-19 ang isang bata o wala.

Hindi hinahanap ng San Francisco ang mga sumusunod na sintomas sa pag-screen ng mga bata at teenager na wala pang 18 taong gulang, at ginagawa ang pagsusuri para sa mga sintomas na ito ayon sa pagpapasya ng clinician: baradong ilong o sipon; pananakit ng katawan (pananakit ng kalamnan o “kumikirot na buto”); at hindi pangkaraniwang pagkahapo, kawalan ng sigla, o “kawalan ng enerhiya.”

Mga Mapagkukunan

Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (SFDPH)

- Screening for COVID-19 (Screening para sa COVID-19)
<https://sfcdcp.org/screen>
- Gabay sa COVID-19 para sa Mga Paaralan, Childcare, at Programa para sa Mga Bata at Teenager: <https://sfcdcp.org/CovidSchoolsChildcare>

Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health, CDPH)

- “Gabay sa Update sa COVID-19: Mga Programa at Provider ng Childcare,” 7/17/2020
<https://files.covid19.ca.gov/pdf/guidance-childcare--en.pdf>
- “Gabay sa Industriya sa Panahon ng COVID-19: Mga Paaralan at Programa sa Paaralan,” 8/4/2020
<https://files.covid19.ca.gov/pdf/guidance-schools.pdf>

Mga Center para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (CDC)

- Mga Sintomas ng Coronavirus
<https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/symptoms-testing/symptoms.html>